THE GOSPEL EXPLAINED

# Ang Katuwiran ng Diyos

WEEK 5

## WARM-UP

- Masasabi mo bang ikaw ay maingat sa mga salitang binibitawan mo? Bakit oo o hindi?
- Nasubukan mo na bang makipagkasundo sa isang kaibigang nasaktan mo? Ano ang nangyari?
- Kailan ang huling pagkakataon na humingi ka ng kapatawaran sa isang kaibigan o kapamilya? Ikuwento kung ano ang nangyari.

## WORD

*[23]Sapagkat ang lahat ay nagkasala at hindi naging
karapat-dapat sa paningin ng Diyos. [24]Ngunit dahil sa
biyaya ng Diyos sa atin, itinuring niya tayong matuwid
sa pamamagitan ni Cristo Jesus na siyang tumubos sa
atin. Ito'y regalo ng Diyos. [25]Isinugo si Cristo Jesus sa
mundo para ialay ang kanyang buhay, nang sa ganoon
mawala ang galit ng Diyos sa atin, at sa pamamagitan ng
kanyang dugo ay mapatawad ang ating mga kasalanan
kung sasampalataya tayo sa kanya. Ginawa iyon ng Diyos
para ipakita na matuwid siya. Noong una'y nagtimpi siya
at pinalampas ang mga kasalanang ginawa ng mga tao,
kahit na dapat sana'y pinarusahan na sila.*

**MGA TAGA-ROMA 3:23–25**

Sinasabi sa atin ng salita ng Diyos na kahit pa marami tayong ginagawang kabutihan, hindi natin maaabot ang pamantayan ng Diyos dahil *ang lahat ay nagkasala*. Ang kabanalan ng Diyos ay humihingi ng buhay na walang bahid ng kasalanan—na hindi kailanman makakamit ng sinumang tao. Subalit ang mabuting balita ay ang Diyos ay mapagmahal at matapat. Gumawa Siya ng paraan upang maibalik tayo sa Kanya. Ito ang mensahe ng ebanghelyo. Maaari tayong magkaroon ng tamang ugnayan sa Diyos dahil sa buhay, kamatayan, at muling pagkabuhay ni Jesu-Cristo. Ngayon, titingnan natin kung paano tayo ginawang matuwid ng Diyos sa pamamagitan ni Jesus.

## 1 Kailangan nating mailigtas mula sa ating pagiging makasalanan.

*[11]"Walang nakakaunawa tungkol sa Diyos, walang nagsisikap na makilala siya. . . ."[14]" Ang lumalabas sa kanilang bibig ay panay pagmumura at masasakit na salita." [16]" . . . Kapahamakan at hinagpis ang dala nila kahit saan."* **MGA TAGA-ROMA 3:11,14,16**

Alam ng Diyos na kung ayon lamang sa ating mga sarili, magpapatuloy tayo sa paggawa ng kasalanan laban sa Kanya sa ating isipan, pananalita, at kilos. Kung tayo ang masusunod, ang mga buhay natin ay mapupuno ng hinagpis, at maaakay din natin ang iba sa *kapahamakan at hinagpis.* Hindi natin maililigas ang ating mga sarili mula sa kasalanan. Kailangan natin ng magliligtas sa atin. Ito ang dahilan kung bakit kinailangang mamatay ni Jesus sa krus. Sa pamamagitan ng ginawa ni Jesus sa krus, maaari tayong magkaroon ng kalayaan at kapatawaran mula sa kasalanan. Paano ka iniligtas ng Diyos mula sa kasalanan?

## 2 Ang katuwiran ay isang regalo na ibinibigay sa atin ng Diyos.

*[24]Ngunit dahil sa biyaya ng Diyos sa atin, itinuring niya tayong matuwid sa pamamagitan ni Cristo Jesus na siyang tumubos sa atin. Ito'y regalo ng Diyos. [25]Isinugo si Cristo Jesus sa mundo para ialay ang kanyang buhay, nang sa ganoon mawala ang galit ng Diyos sa atin, at sa pamamagitan ng kanyang dugo . . .*
**MGA TAGA-ROMA 3:24,25**

Dahil lahat tayo ay *nagkasala at hindi naging karapat-dapat sa paningin ng Diyos*, nararapat lamang na matanggap natin ang kaparusahan para sa ating kasalanan—kamatayan at walang hanggang pagkakahiwalay sa Diyos (2 Tesalonica 1:9). Subalit dahil sa pagmamahal ng Diyos, ipinadala Niya si Jesus *para ialay ang kanyang buhay* upang *mawala ang galit ng Diyos sa atin.* Ngayon ay matatanggap na natin ang awa at kapatawaran para sa ating mga kasalanan. Hindi natin kailangang pag-

ipunan o paghirapan ang ating katuwiran dahil binayaran na ni Jesus ang ating kasalanan sa krus. Ibinibigay ng Diyos sa atin ang Kanyang katuwiran bilang isang libreng regalo, na nangangahulugan na mayroon na tayong tamang ugnayan sa Kanya. Ayon sa 2 Corinto 5:21, paano tayo naging matuwid? Para sa anong layunin?

## 3 Natatanggap natin ang katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya.

*Isinugo si Cristo Jesus sa mundo para ialay ang kanyang buhay, nang sa ganoon mawala ang galit ng Diyos sa atin, at sa pamamagitan ng kanyang dugo ay mapatawad ang ating mga kasalanan kung sasampalataya tayo sa kanya.* **MGA TAGA-ROMA 3:25**

Nagnanais makipag-ugnayan sa atin ng Diyos sa pamamagitan ng pagbibigay ng libreng regalo. Subalit mapapasaatin lamang ito kung ito ay ating tatanggapin sa pamamagitan ng pananampalataya. Ang pagtanggap sa katuwirang nagmumula sa Diyos ay nangangahulugan ng pananampalataya kay Jesus at sa ginawa Niya para sa atin sa krus. Ibig sabihin ay buo ang ating tiwala na tayo at ang Diyos ay pinagkasundo ni Jesus at tayo ay naibalik sa tamang ugnayan sa Kanya. Ngayong natanggap mo na ang katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya, paano nagbago ang paraan mo ng pamumuhay?

## APPLICATION

- Naipanumbalik na ba ang ugnayan mo sa Diyos sa pamamagitan ng ginawa ni Jesu-Cristo para sa iyo? Nais mo bang manampalataya sa Kanya at tanggapin ang kapatawaran na ibinibigay Niya ngayon? Hilingin sa isang tao na manalangin kasama mo at tulungan kang simulan ang bagong buhay sa piling ng Diyos.

- Ibinibigay ng Diyos ang katuwiran bilang isang regalo. Paano binago ng kaalamang ito ang iyong kaisipan at paraan nang pamumuhay? Paano ka lalago sa iyong pananampalataya ngayong linggo?
- Hingin sa Diyos na ipaalala sa iyo ang dalawa o tatlong tao na kailangang makatanggap ng katuwiran na nagmumula sa Kanya. Ipanalangin sila at hingin sa Diyos na bigyan ka ng mga pagkakataon na makapagministeryo sa kanila ngayong linggo.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagpapadala kay Jesus upang maging sakripisyo para sa iyong mga kasalanan upang matanggap mo ang Kanyang regalong kaligtasan. Ipanalangin na ang iyong pagkakaunawa at pagpapahalaga sa Kanyang sakripisyo ay tumatag habang hinahangad mo ang kalooban Niya.
- Ipanalangin na mabigyan ka ng kakayahan ng biyaya ng Diyos upang maparangalan Siya sa pamamagitan ng iyong salita, kaisipan, at gawa. Ipanalangin na ang buhay mo ay maging isang patotoo ng Kanyang biyaya na makahihikayat din sa iba na sumunod sa Kanya.
- Ipanalangin ang iyong mga kamag-anak, kamag-aral, kasama sa trabaho, o mga kaibigan na kailangang makatanggap ng katuwiran ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya. Hingin sa Diyos na bigyan ka ng mga pagkakataon at lakas ng loob na maibahagi sa kanila ang katotohanang ito.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2020 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph